

Pakikipaglahok ng Magulang

3. Gawaing Fundraising

Para mapatakbo ang mga espesyal na programa o gawain na hindi pinopondohan ng Ministry of Education, ang mga eskwelahan ay nagkakaroon ng gawaing fundraising. Maaring tumulong at sumuporta ang mga magulang sa pagsisikap ng eskwelahan na kumita ng pera para ang mga bata ay maari pang sumali sa ibang gawain sa eskwelahan. Ilan sa mga gawaing ito ay:

- espesyal na “field trips o field studies” katulad ng pagbibisita ng museo.
- araw o magdamagang camping.
- palakasan na mga gawain (programa ng swimming, o pag-aaral ng tennis , etc).
- pagpapalabas ng mga sining katulad ng musiko, pagsasayaw o drama.
- kultural na palabas at mga kaganapan.

Karagdagan dito, maraming eskwelahan ang sumusuporta ng “special causes” para mahikayat ang responsibilidad pang-lipunan.

4. Parent Advisory Council (PAC):

Ang bawa’t eskwelahan ay may PAC*. Ito ay binubuo ng mga magulang at ng administrasyon ng paaralan (principal o vice-principal). Meron ding mga guro na nakikilahok. Ang PAC ay bukas sa lahat ng magulang lalong-lalo na sa mga baguhan. Nagbibigay sila ng interpretasyon kung kinakailangan. Isang beses sa isang buwan kung magpulong-pulong ang PAC at kadalasan ito sa gabi, para pag-usapan at itakda ang layunin para makatulong gawing mas mabuti at mas ligtas ang eskwelahan at ang komunidad.

Ang PAC ay tumutulong din sa eskwelahan sa paghahanap ng paraan upang:

- matustusan ang bagong gamit sa palaruan.
- mapabuti o mapalitan ang gamit para sa gym.
- mag-upgrade ng mga computers o software ng eskwelahan.
- sumuporta ng mga programang naghihikayat ng responsibilidad pang-lipunan.

* Basahin ang brosyur tungkol sa **Parent Advisory Council**.

Sa Canada, ikinasisiya ng mga eskwelahan ang pakikipaglahok ng mga magulang. Kausapin ang guro ng inyong anak o administrator ng paaralan upang malaman kung papano kayo makikilahok sa paaralan ng inyong anak.



“Parent Involvement in Schools”

[Filipino]

Ang brosyur na ito ay isa sa mga serye na inisponsoran ng programang VSB SWIS at ang pinagsamang gawain ng mga ESL/ELL na guro at ng grupong VSB MCLW.



Ang programang ito ay ginawang posible sa pamamagitan ng pondo galing sa Gobyerno ng Canada at ng Probinsiya ng British Columbia.

Pakikipaglahok ng mga Magulang sa Eskwelahan



Elementarya

Ano ang ibig sabihin ng pakikilahok ng mga magulang?

Ang pakikilahok ng mga magulang ay nangangahulugan na sila ay bahagi ng edukasyon ng kanilang anak. Kasama dito ang suportang binibigay ng magulang sa bahay at ang direktang suporta na nakukuha sa paaralan.

Kasali sa suportang inyong maaring ibigay sa paaralan ng inyong anak ay:

- ang pagdalo sa mga kaganapan at mga pulong.
- pagtulong sa klase.
- pagtulong sa mga espesyal na kaganapan, palakasan ng mga grupo at mga klabs.

Bakit mahalaga ang pakikilahok ng magulang?

Ayon sa pananaliksik, mas napapabuti ang pagtuto ng bata kapag nakikilahok ang mga magulang..

Paano ako mas makikilahok?

Ang magulang ay maaring makilahok sa edukasyon ng kanilang anak sa iba't-ibang paraan.

* Basahin ang brosyur tungkol sa "Mga paraan sa pagsuporta ng pag-aaral ng iyong anak sa bahay."

1. Makipagpulong sa guro: Maraming paraan ang pakikipag-pulong sa mga guro ng iyong anak. Ito ay nag-iiba-iba base sa paaralan..

- **"Meet the Teacher Night"** ay isang pagkakataon ng pakikipag-pulong sa mga guro ng iyong anak sa taon ng pasukan. Ito ay isang gabi kung saan ka nakakakuha ng impormasyon tungkol sa programang edukasyonal ng iyong anak sa parating na taon ng pasukan.

- **"Goal Setting Meeting"** ay mga pagkakataon para mapag-usapan ng magulang ang mga tiyak na pangangailan at layunin sa pag-aaral ng kaniyang anak.

- **"Parent Teacher Conferences"** ay naka-iskedyul ng dalawa o tatlong beses sa isang taon, kadalasan ginaganap ito bago o pagkatapos ng bigayan ng report card. Itong pagpupulong ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga magulang at mga guro na repasuhin ang kalagayan ng iyong anak sa pag-aaral, magdiwang ng tagumpay, at kung kinakailangan, magplano para tulungan ang iyong anak na mapabuti ang performance ng iyong anak sa pag-aaral.

- **Parent or teacher-called meetings** ay pagpupulong na hinihingi ng magulang o ng guro ng iyong anak. Maaring hingin ito kahit anong oras para mapag-usapan ang progreso ng iyong anak.

May tagapag-salin ng wika na magagamit kung kinakailangan ninyo ito. Mahalaga din ang pagpunta sa tamang oras..

2. Pakikilahok sa Paaralan:

Ang mga paraan ng pakikilahok ay nag-iiba-iba base sa eskwelahan. Ang ilan ay humihingi ng maikling komitment at meron naming humihingi ng mas mahabang komitment.

Maikling Panahon ng Pagboluntaryo

'Field Trips' o 'Field Studies'

Madalas humihingi ng tulong ang mga guro kapag dinadala ang klase sa espesyal na biyahe sa labas ng eskwela. Makakatulong ka sa pagsigurado na ang biyahe ay ligtas at mas nae-enjoy ng mga bata, pati na rin ikaw.

Espesyal na Kaganapan sa Eskwelahan

Ang mga paaralan ay may mga espesyal na kaganapan na kinakailangan ng tulong galing sa magulang. Ilan dito ay:

- konsiyerto at mga dula
- science fairs.
- gabi ng multikultural na kainan
- araw ng palakasan.

Mahabang panahon ng Pagboluntaryo

Ang pakikilahok sa silid-aralan

Kadalasan ang mga magulang ay nag-boboluntaryo sa klase ng kanilang anak ng isa o dalawang oras, isa o dalawang beses sa isang linggo. Tumutulong sila sa:

- pagbabasa sa mga bata sa maliliit na grupo.
- pagtulong sa isa o malit na grupo ng mga bata tungkol sa isang partikular na paksa katulad ng art or math.
- pagtulong sa pag-decorate ng paaralan, silid-aralan, classroom bulletin boards, at iba pang gawain.

Ibang gawain na nangangailangan ng mahabang panahon ng pagboluntaryo ay:

- pagtulong sa opisina, lalong-lalo na sa mga espesyal na programa katulad ng 'Safe Arrival,' isang programang nasa karamihan ng eskwelahan.
- pagtulong sa pag-aayos at pag-check out ng mga libro sa library.
- pagtulong sa "lunch program", kung meron sa eskwelahan ng iyong anak.
- pagtulong sa palakasan at sa mga grupo ng palakasan.